Mga Inaasahan ng Paaralan

Sa mababang paaralan, ang magulang at tagapag-alaga ay madalas tinatanong kung nais nilang tumulong sa field trips o sa espesyal na mga gawain sa silid –aralan. Ito ay imbitasyon para maging "volunteer". Kung kaya niyong gawin, ito ay mahalagang paraan para matuto kayo tungkol sa "school system" at sa pinag-aaralan ng inyong anak.

"What Schools Expect from Students and their Families"

"Ang mga Inaasahan ng Paaralan sa mga Mag-aaral at sa kanilang mga Pamilya"

[Filipino]

This brochure is one in a series sponsored by the VSB SWIS program and produced collectively by a group of ESL teachers and the VSB MCLW team.

Funded by the Ministry of Advanced Education and Labour Market Development, and Citizenship and Immigration Canada.

Ang mga inaasahan ng Paaralan sa mga Mag-aaral at sa kanilang mga Pamilya

Mga Inaasahan ng Paaralan

Para sa mga Mag-aaral

- Pumasok ng regular sa paaralan at dumating sa tamang oras para sa umpisa ng bawa't klase.
- Magpahinga ng mabuti bago pumasok para laging handang matuto.
- Kumain ng almusal at magdala ng pampalusog na meryenda at tanghalian. (Basahin ang impormasyon "Ang Pagiging Magulang"
- Magbihis ng tama para sa pagpasok sa paaralan at sa iba't-ibang klase ng panahon.

Para sa Magulang at Tagapag-alaga

- Magbasa ng mga abiso at sulat na pinapauwi ng guro o paaralan, o humingi ng tulong sa pagsalin ng wika.
- Isauli ang form o mga hiling sa guro sa takdang araw o mas maaga.
- Ipagbigay alam sa guro kung hindi alam ng inyong anak ang kailangang gawin sa klase o kung nahihirapan siya sa ibang mga kaklase.
- Umatend ng "parent-teacher meetings."
- Makipag- appointment sa guro bago o pagkatapos ng pasok sa paaralan. Kung gusto mong pag-usapan ang tungkol sa pag-aaral ng iyong anak, makipag-appointment ng mas maaga.
- Mahalaga ang pagpunta sa tamang oras sa lahat ng miting.



- Huwag hahabaan ang pakikipag-usap sa guro.
- Kausapin ang guro kung mayroong inaalala tungkol sa iyong anak.
- Sabihan ang guro ng anong magandang nangyayari sa iyong anak.
- Kapag hindi ka sigurado kung paano magbigay ng suporta sa bahay, magtanong sa guro kung ano ang maari mong gawin para tulungan ang iyong anak. (Basahin ang Mga Paraan ng pag-suporta ng iyong anak sa Bahay.)